

## ITDI: 121 taong pagtugon sa larangan ng Agham, Teknolohiya at Inobasyon sa Makabagong Panahon

Noong ika-1 ng Hulyo 2022 nagdiwang ang ITDI ng ika-121st Taong Anibersayo ng pagkakatatag na may temang "ITDI@121: Agham, Teknolohiya at Inobasyon, Tugon sa Pagharap sa Makabagong Panahon."

Sa loob ng 121 taong pagkakatatag, magmula taong 1901, nagpatuloy ang ITDI sa pagbuo at paglikha ng mga teknolohiya at inobasyon na naging solusyon sa mga pagsubok na kinaharap ng bansa, lalo na sa panahon ng pandemya dulot ng COVID-19 virus.

Nanatiling matatag at masigasig ang institusyon sa paglikha ng iba't-ibang paraan gamit ang agham upang patuloy na matugunan ang pangangailangan ng industriya at mga mamamayan.

Sa kabila ng hamon ng nagbabagong panahon, naisagawa ang pagdiriwang ng ika-121st anibersaryo na may galak at bagong pag-asa sa pamamagitan ng online platform na Facebook.

Ang pagdiriwang ay nahati sa pang-umaga at hapong programa. At gaya ng nakaugalian, nagsimula ang selebrasyon sa pagdaraos ng Banal na Misa.

Pormal na binuksan ang programa sa pagbibigay ng pambungad na pananalita si Dr. Zorayda V. Ang, Deputy Director for Administrative and Technical Services ng ITDI, at buong galak na bumati nang maligayang anibersaryo sa lahat.



*Inspired by Technology, Driven by Innovation*

Sinundan ito ng mensaheng pang-anibersaryo ni Dr. Annabelle V. Briones, Direktor ng ITDI, kung saan pina-salamat niya ang pagdalo ni Dr. Nuna E. Almanzor, dating Direktor ng ITDI, mga panauhin at mga kawani. Sa kalagitnaan ng program ay binigyang daan ang performance report ni Dr. Briones.

Kasunod nito ay ang pagbibigay ng mensahe ng inspirasyon, pagbati at pagpupugay mula sa mga opisyal ng DOST na pinangunahan ng dating Kalihim Fortunato T. Dela Peña, kasama sina Pangalawang Kalihim para sa Pananaliksik, Dr. Rowena Cristina L. Guevara; Pangalawang Kalihim para sa Maka-Agham na Serbisyo, Dr. Renato U. Solidum, Jr. Dumalo rin si Dr. Diana L. Ignacio, Assistant Secretary ng Human Resources Management, Management Services, and Special Concerns.

Sa pagpapatuloy, pinangunahan nina Directok Briones at dating Kalihim Dela Peña ang paglulunsad ng DOST-ITDI Coffee Table Book na pinamagatang "100 Technologies to Shift the Philippine Product Manufacturing Index ". Naglalaman ang naturang aklat ng 100 pinakamahusay na teknolohiya ng ITDI.

Ang aklat na ito ay binuo at nilimbag bilang tugon sa kahilingan ng dating Kalihim na nag-atas sa ITDI na pumuli ng 20 pinakamahusay na teknolohiya, na una nang inilunsad noong 120th anibersaryo ng ITDI, ika-1 ng Hulyo 2021. Sa pagkakataong ito, nilagdaan ng mga opisyal ang aklat.

Nagpatuloy ang kasiyahan hanggang hapon kung saan nagkaroon ng malalaking papremyo sa raffle at palaro na may papremyo. Masayang nakilahok ang mga kawani na binuklod sa limang pangkat.

Higit na naging makulay ang okasyon sa pagpapaunlak sa isang awitin at pagpapakita ng talento ng ITDI chorale at VIP Program band.

Sa pagtatapos, kinilala ang mga na nanalo sa palaro at raffle.

Nabigay ng pangwakas na pananalita si Dr. Christine Marie Montessa, ITDI Deputy Director for Research and Development, na taos-pusong nagpasalamat at nagbigay ng kan0lyang pagbati para sa lahat.



Overall	Chant
1. Midnight Blue	1. Khaki
2. Rust	2. Rust
3. Khaki	3. Midnight Blue
4. Olive	4. Olive
5. Mustard	

Ang taunang pagdiriwang na ito ay pinaghandaan at isinaayos ng CED at EBD sa ilalim ng pamumuno nina Engr. Reynaldo L. Esguerra at Engr. Apollo Victor O. Bawagan kasama ang mga iba pang miyembro ng komite. (DDGotis\ ICOW-TSD)